

JOBERT M. PACNIS

Si **JOBERT M. PACNIS**, 43 ay kasalukuyang nakatira sa Ammubuan, Ballesteros, 3516 CAGAYAN. Kasapi ng *GUMIL Filipinas, Inc.* (GUMIL Cagayan Chapter) o Asosasyon ng mga Manunulat na Ilokano sa Filipinas at sa ibang bansa. Nagsusulat ng sarita (maikling kuwento), salaysay (sanaysay), at daniw (tula) sa *Bannawag Magasin*. Nagkamit din ng ilang mga parangal sa pagsulat ng tula, kuwento, at salaysay sa Ilokano. Nasama ang ilang mga akda sa iba't ibang antolohiya at sa sariling aklat na *Isliping Teody Ken Dadduma Pay a Sarita* (Isliping Teody at Iba Pang Kuwento). May ilang mga tulang nailathala noon sa *Home Life Magazine* at *Liwayway*. Pinalad na nasama ang ilang tula sa aklat na *In Time Passing, There Are Things* na pinamatnugutan ni Sir Leoncio P. Deriada (+), Palanca Hall of Fame awardee.

Kasalukuyan nagtuturo ng Matematika sa Aparri West National High School, Brgy. Bulala Norte, Aparri, Cagayan. Si dating Judith M. Simon ang kabiyak at nabiyayaan ng tatlong anak, sina Jethro, Jiemil Anne, at Jaybert.

DILA¹

ti sam-it ti dinengdeng
 adda iti kappuros a nateng
 awan iti maisagpaw a daing
 wenno tinuno a lames, uray pay naprito—
 sam-it a maiduma iti asukar, saan
 a mailadawan, sam-it a samsam-iten
 ti mapapaidaman a dila
 no apay a saan latta a maparamanan
 iti nananam, wenno makataway
 iti nalanit koma
 kasla naikarin nga agpatingga lattan
 a mangraman kadagiti agrusing
 iti daga, kadagiti napatan-ay
 dagiti nalamiis nga ima.

mayamil laeng ti apal
 kadagiti maangot ti agong
 awanan kalintegang a mangnanam
 uray mangdilpat la koma
 iti naidasar iti lamisaan
 dagiti nayanak a nakaammal

1 Tila tradisyonal ang tulang “Dila” sa umpisa, na nagpapahalaga sa simpleng lasa ng gulay at di na maghahanap ng iba. Sa huli, babawiin ito ng persona at maghahanap ng “kinaiinggitang lasa” sa “malaking bahay na bato” na siyang nagkakait sa kaniya ng lasang ito.

iti kutsara— tilmonen laeng
ti katay, kas iti panangtilmon
ti kinapudno ti panagbisin
iti daga a madandaniwan

ngem kinadatdatlag met
ti imetna no dadduma: amin
a raman pataudenna nupay
ad-adda a pait ti agalinedned
a katay iti kinapait
ti pannakaipaidam dagiti naimas
a raman, uray agraraman
ditan ti yawagda
ti napateg makaraman koma
iti maam-ambingan a raman.

ngem no sawenna ti pudno
a raman dagiti malutluto
iti dakkal a balay a bato
maputed, kasla martines
saanton a makasao.

DILA

ang tamis ng dinengdeng
ay nasa bagong pitas na gulay
wala sa sahog na daing
o inihaw na isda, maski prito—
tamis na kaiba sa asukal, hindi
mailarawan, tamis na minamatamis
ng pinag-imbutang dila
kung bakit di mapatitikman
ng malinamnam, o makatikim
ng kahit mamantika,
para bang isinumpa na hanggang
tikim lang sa mga tutubo
sa lupa, sa mga inalagaan
ng malamig na mga kamay.

ipapasalabi lamang ang inggit
sa mga naaamoy ng ilong
walang karapatang tikman
o dilaan man lang
ang nakahanda sa hapag
ng mga isinilang na may
kutsarang pilak sa bibig—lunukin
lamang ang laway, gaya ng paglunok
sa katotohanang may taggutom
sa lupang inaalayan ng tula

ngunit isa ring misteryo
ang tangan kung minsan: lahat
ng lasa ay taglay
kahit madalas pait ng laway
ang nangingibabaw sa napakapaklang
pagkakapaimbot ng mga masasarap
na lasa, maski tawaging gutumin
ang mahalaga'y malalahan din sana
ang kinaiinggitang lasa.

ngunit kapag sambitin ang totoong
lasa ng mga niluluto
sa malaking bahay na bato
mapuputol, gaya nang sa martines
di na makapagsasalita.